REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 97-05**

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA PUNONGLUNGSOD, KGG. IGNACIO R. BUNYE, NA KUMATAWAN SA PAMAHALAANG LUNGSOD SA PAGLAGDA SA KONTRATA PARA SA PAGPAPAGAWA NG PROYEKTONG "TUNASAN HEALTH CENTER" SA HALAGANG P1,050,000.00.**

**********************************************************************************

Ipinanukala nina :

**KGG. JAIME R. FRESNEDI**
**KGG. PATRICIO R. BONCAYAO, JR.**
**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
**KGG. MELCHOR R. TEVES**
**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
**KGG. DANTE S. ALMARIO**
**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
**KGG. REY E. BULAY**
**KGG. ROMAN E. NIEFES**
**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
**KGG. VICENTE Y. CHUA**
**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**

**********************************************************************************

**SAPAGKAT,** isa sa mga pangunahing programa ng Pamahalaang lungsod ay ang pagtataguyod sa pangkalusugang kapakanan ng mga mamamayan nito;

**SAPAGKAT,** upang maisakatuparan ang layuning ito nararapat maglagay ng mga sentrong pangkalusugan tulad ng mga health centers at Lying-in para sa lumalaking bilang ng mga tao sa lungsod

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ay may panukalang proyekto na pagpapatayo ng health center sa Barangay Tunasan partikular sa E. Rodriguez Avenue;

**SAPAGKAT,** ang "Urban Health and Nutrition Program of the Department of Health (UHNP-DOH) ay naglaan ng pondo upang maisakatuparan ang proyekto ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** upang makasunod sa alituntunin ng Tawaran (Bidding) ukol sa Pagawaing Bayan, ang Lupon ng Prekwalipikasyon, Pagtatawaran at Paggagawad ay nagsagawa ng Pampublikong Tawaran noong ika-29 ng Nobyembre, 1996 kung saan apat (4) na interesadong mananawad (bidders) ang nagsumite ng "bid";

**SAPAGKAT,** sa Resolusyon na pinagpasiyahan ng Lupon ng Prekwalipikasyon, Pagtatawaran at Paggagawad noong 5 Disyembre 1996, inirekomenda ang paggagawad ng kontrata para sa proyekto sa A.P. Melendrez Construction sa halagang ISANG MILYON AT LIMAMPUNG LIBONG PISO (P1,050,000.00);

**SAPAGKAT,** sa anumang paglagda ng Punonglungsod bilang kinatawan ng lokal na yunit sa anumang kontrata na lumilikha ng anumang obligasyon ay nangangailangan ng kaukulang pagpapatibay ng Sangguniang Panglungsod;

**NGAYON, DAHIL DITO, PINAGPASIYAHAN** ng Sangguniang Panglungsod na bigyan ng kapangyarihan ang Punonglungsod, Kgg. Ignacio R. Bunye na kumatawan sa Pamahalaang Lungsod sa paglagda sa kontrata para sa pagpapagawa ng proyektong "Tunasan Health Center" (Phase 1) sa halagang P1,050,000.00.

**PINAGTIBAY** ngayong ika-20 ng Enero, 1997 ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa sa ginanap na ika-67 na Regular na Sesyon.

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, City of Muntinlupa, Philippines
Tel. Nos. 842-35-85
(local 51) 842-36-64
Fax No. 842-61-96

*Pahina -2-*
*Kapasiyahang Panglungsod Bilang 97-05*

SUMANG-AYON:

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. RAFAEL R. ARCIAGA
Konsehal

KGG. VICTOR L. ULANDAY
Konsehal

KGG. JO JASON T. ALCARAZ
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Barangay

KGG. ALLAN REY A. CAMILON
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

LIBAN :

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO
Konsehal

PINATOTOTOHANAN ko ang katumpakan ng Kapasiyahang Panglungsod na ito.

NECITO M. GUICO
Kalihim
SANGGUNIANG PANGLUNGSOD